Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY PALASAN NOONG IKA-19 NG ABRIL, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 153-T'2000

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 24-T'2000/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 8-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY POBLACION II NA NAGSUSUSOG NG HALAGANG LABING DALAWANG LIBO DALAWANG DAAN ANIMNAPUNG PISO AT APATNAPU'T TATLONG SENTIMOS (₱12,260.43) BILANG SURPLUS SA 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY UPANG ILAAN SA MGA PROYEKTONG PANGKAUNLARAN NA KINABIBILANGAN NG FEEDING NG MGA MALNOURISHED CHILDREN (₱4,760.43), PAMBILI NG GAMOT (₱5,000.00) AT PAMBILI NG UNIPORME NG BHW/BNS (₱2,500.00) PARA SA TAONG 2000.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 24-T'2000/Kautusang Barangay Blg. 8-T'2000 ng Sangguniang Barangay Poblacion II na naglalayong susugan ang kabuuang halagang ₱12,260.43 mula sa 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay upang ilaan sa mga programa at proyektong nakasaad sa itaas nito para sa taong 2000;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Ricardo B. Ramirez, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 24-T'2000/Kautusang Barangay Blg. 8-T'2000 ng Sangguniang Brgy. Poblacion II na nagsususog ng halagang ₱12,260.43 na surplus sa 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay upang ilaan sa mga proyektong pangkaunlaran na kinabibilangan ng feeding ng mga malnourished children (₱4,760.43), pambili ng gamot (₱5,000.00) at pambili ng uniporme ng BHW/BNS (₱2,500.00) para sa taong 2000.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 153-T'2000)

-02-

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan